

フィリピン語/Filipino

September 8, 2018
(Announcement No. 4)

Ang opisyal na tulong ay maaring makuha kung ang bahay mo ay nasira o napinsala. Para matanggap ang tulong, kinakailangang maipakita mo ang certificate o ang katibayan na ang bahay mo ay napinsala. Kumuha ng mga litrato bilang patunay at mag apply ng certificate.

Mangyaring makipag-ugnay sa iyong pinakamalapit na mga lokal na opisina ng gobyerno (tulad ng tanggapan ng siyudad)

Tulong ng Tanggapan/Opisina

Pinansyal na tulong Para sa Namatayan Dahil sa Sakuna

Babayaran kapag ang miyembro ng iyong pamilya ay namatay dahil sa kalamidad o disaster.

Kapag pinuno ng sambahayan ay namatay - Pinakamataas 5 million yen

Ibang miyembro ng sambahayan - Pinakamataas 2.5 million yen

Tulong para sa kapansanan na dulot ng kalamidad

Ang tulong para sa may kapansanan dulot ng kalamidad ay babayaran tulad ng kung ang parehong mga mata ay nabulag at parehong mga kamay ay naputol

Pinuno ng Sambahayan ---Pinakamataas 2.5 million

Ibang miyembro - 1.25 million

Pautang Para sa Kalamidad

Kung ang pinuno ng sambahayan ay nasaktan o di kaya ang bahay at ari-arian ay napinsala, kayo ay karapat-dapat para sa isang pautang (maari kayong bumalik sa ibang pagkakataon}

Max --- 3.5 million yen

Pasukan para Emergency Temporary (Pansamantalang) Bahay

Kung ang iyong bahay ay nasira ng kalamidad at hindi ka makakahanap ng iba pang lugar ng pamamahay na pansarili, mayroong isang serbisyo ang opisina ng lungsod na nag-aalok ng isang lugar ng pamamahay

Tulong na Pondo para-makarecover ang mga biktima ng kalamidad

Ang tulong na pondo para makarecover ay para lamang sa mga biktima na ang bahay ay bahagyang nasira at kung ang bahay ay nangangailangan ng pangunahing rehabilitasyon. 750 thousand to 3 million yen depende sa bigat ng pinsala.

Libreng Pamamahagi ng mga Gamit Pang-Eskwela

Para sa mga mag-aaral na nawala ang mga libro, mga materyal sa pag-aaral, stationary atbs dulot ng kalamidad.

Suporta para sa mga magulang ng mga mag-aaral at exemption ng bayad sa matrikula sa high school

May mga pinansiyal na suporta para sa mga magulang na ang mga bata ay hindi makapasok sa isang paaralan at exemption o di kaya pagbaba ng matrikula

Iba pang Opisyal na Tulong

Mga espesyal na diskwento sa bayarin sa utilities

May mga kaso na ang mga bayarin sa utility tulad ng kuryente, gas at telepono para sa mga naapektuhan ng kalamidad.

Mangyaring makipag-ugnay sa bawat kumpanya ng utility

Insurance

Maaring bayaran ng insurance ang inyong bahay o ariarian kung ito ay sakop ng mga insurances.

Makipag-ugnayan sa inyong insurance company.

Pagbabayad ng Insurance sa pagkawala ng trabaho

Kung ang iyong tagapag-empleyo ay nasira at hindi maaaring magpatakbo ng pansamantalang negosyo dahil sa mga pinsala na dulot ng kalamidad, ang bayad sa insurance sa kawalan ng trabaho ay babayaran.

May ilang mga kondisyon tulad ng iyong trabaho na lumampas ng 6 na buwan. Mangyaring makipag-ugnay sa "Hello Work" na pinakamalapit sa iyo.

Tulong sa pabahay dulot ng kalamidad

Maaari kang maging karapat-dapat para sa opisyal na pautang para sa rehabilitasyon ng iyong bahay, pagbili ng ginamit na bahay.

Mangyaring makipag-ugnay sa Japan Housing Furnace Agency para sa karagdagang impormasyon tulad ng pamantayan sa pagpili para sa utang

Tulong upang mabawasan ang mga pautang

Kung hindi mo nagawang bayaran ang mga pautang tulad ng para sa mga bahay, mga kotse at edukasyon, maaring karapat-dapat ka para sa bahagyang exemption o pagbabawas

Mangyaring makipag-ugnay sa iyong ahensiya sa pautang (tulad ng mga bangko) o sa asosasyon ng mga abugado.

Serbisyong Pagsasalin

Hindi maaaring ipaliwanag ng mga kumpanya sa pagsasalin ang pagtulong sa mga serbisyo.

Mangyaring makipag-ugnay sa kumpanya ng pagsasalin kung kailangan mo ng mga tagasalin/translators kung kailangan mo ang kanilang serbisyo.

BeBorn Co., Ltd., Tel 092-687-5137 (Open 24 hours)

Language Available: English, Chinese (Mandarin), Korean, Thai, Vietnamese, Indonesia, Portuguese

Bricks Co., Ltd. Tel 050-5814-7230 (Open 24 hours)

Languages available: English, Chinese (Mandarin), Korean, Portuguese, Spanish